Ontario

PALABAS NA BALITA

Ministeryo ng Pananalapi

Ang Plano para Protektahan ang Ontario

Inilulunsad ng *2025 na Pang-ekonomiyang Pagpapahayag ng Ontario sa Panahon ng Taglagas* ang plano ng probinsiya upang makabuo ng isang mas kompetitibo, matatag at nakadepende sa sariling ekonomiya

Balita Nobyembre 6, 2025

TORONTO — Ngayon, inilabas ng Ministro ng Pananalapi na si Peter Bethlenfalvy ang *2025 na Pang-ekonomiyang Pananaw at Pagsusuri sa Pananalapi ng Ontario: Ang Plano para Protektahan ang Ontario*, na nagbibigay-suporta sa plano ng pamahalaan upang maprotektahan ang Ontario sa pamamagitan ng pagbubuo ng isang mas kompetitibo, matatag at nakadepende sa sariling ekonomiya sa pamamagitan ng pagtanggal ng labis-labis na burukrasya, pamumuhunan sa imprastraktura, pagbibigay-suporta sa mga manggagawa, pagpapabuti ng mga serbisyo at pagiging mas abot-kaya ang buhay.

“Dahil sa mga taripang nakatuon sa mga manggagawa at komunidad ng Ontario, napakahalaga na ngayong mailunsad ng pamahalaan ang kanyang plano upang maprotektahan ang Ontario. Patuloy tayong nagsasagawa ng makasaysayang pamumuhunan sa mga daang-bayan, transportasyon, pangangalagang pangkalusugan at lahat ng iba pang serbisyong inaasahan ng ating mga komunidad, upang mabuo natin ang ating lumalaking probinsya. Ginagawa natin ang lahat ng ito habang pinananatiling mababa ang mga gastusin para sa mga pamilya at tinutulungang mapakawala ang buong pang-ekonomiyang potensyal ng Ontario,” ang sabi ni Ministro Bethlenfalvy. “Naisasagawa natin ang walang katumbas na mga hakbang upang maprotektahan ang Ontario dahil sa ating pangako na maging maingat sa pananalapi, na siyang nagresulta sa pagiging pinakamalakas na posisyon ng mga pinansya ng Ontario sa mahigit sa isang dekada.”

Kabilang sa mga mahahalagang bahagi ng *2025 na Pang-ekonomiyang Pagpapahayag sa Panahon ng Taglagas* ang:

- Pagbabalik ng buong pamprobinsyang bahagi ng HST para sa unang beses na mga namimili ng bahay ng karamihan ng mga bagong bahay. Nakadepende sa pagpasa ng pederal na lehislasyon, matatanggal ng bagong pagbabalik-bayad ng Ontario ang buong 8 porsyento ng pamprobinsyang bahagi ng HST para sa mga unang beses na mga mamimili ng bahay sa kwalipikadong mga bagong bahay na nagkakahalagang $1 milyon, na kung saan makatitipid ang mga mamimili ng bahay ng hanggang sa $80,000 mula sa gastos ng isang bagong bahay kapag pinagsama sa kasalukuyang mga kaginhawahang ibinibigay ng probinsya.

- Pagpapatupad ng plano upang maprotektahan ang mga manggagawa, negosyo at komunidad ng Ontario mula sa mga epekto ng mga taripa ng Estados Unidos, sa pamamagitan ng pagbubuo ng Plano ng Aksiyon sa Batas (Tax Action Plan) ng Ontario. Ang trabahong ito ay nakatuon sa pagpapabuti ng pampersonal at pang-negosyong buwis sa kita ng Ontario upang makahikayat at makaakit ng mas maraming pamumuhunan sa negosyo, makatulong na mapabuti ang pagiging kompetitibo ng Ontario sa G7 at mapababa ang gastos at makapagbigay ng kaginhawahan sa mga indibidwal at pamilya sa paparating na mga taon at dekada. Ang pinakabagong impormasyon tungkol sa Plano ng Aksiyon sa Batas ay ipamamahagi sa *2026 na Budget ng Ontario*.
- Pamumuhunan ng karagdagang $100 milyon sa Pondong Pangkalakalan ng Magkasama sa Ontario (Ontario Together Trade Fund, OTTF) upang higit pang matulungan ang maliliit at katamtamang-laking mga negosyo na mailunsad ang kanilang sarili sa mga bagong merkado at mapalakas ang katatagan sa negosyo. Nagreresulta ito ng kabuuang pagpopondo ng programa na $150 milyon sa kabuuan ng tatlong taon, simula sa 2025–26. Ang pinalakas na suporta ay makapagbibigay sa mga negosyong apektado ng mga taripa ng Estados Unidos ng kakayahang mabago ang kanilang produksiyon, makabuo ng mga baong pakikipagsosyo sa pagbebenta at mapalawak ang negosyo sa pagitan ng mga probinsya.
- Matulungan ang mga tagamanupaktura at tagaproseso ng Ontario na mapababa ang kanilang mga gastos, magbago, at maging mas kompetitibo sa pamamagitan ng pagpapakilala ng lehislasyon upang mapabuti at mapalawak ang Kredito sa Buwis ng Pamumuhunan sa Pagmamanupakturang Ginawa sa Ontario (Ontario Made Manufacturing Investment Tax Credit, OMMITC). Kabilang dito ang pagmumungkahi na pansamantalang palaguin ang antas ng kredito sa buwis mula 10 porsyento patungo sa 15 porsyento at palawakin ang kakayahang makuha ang kredito sa buwis bilang isang 15 porsyentong hindi naisasauling bersiyon sa mga korporasyon na mga pribadong korporasyong hindi kontrolado ng Canada (Canadian-controlled private corporations, mga CCPC). Bilang karagdagan pa, ang pamahalaan ay nagmumungkahi na ngayon na baguhin ang pamantayan sa pagiging kwalipikado sa OMMITC para sa mga pamumuhunan sa makinarya at kagamitan upang makapagbigay ng mas malakas na kaluwagan para sa mga negosyo.
- Ang pamumuhunan ng $1.1 bilyon sa kabuuan ng tatlong taon upang mapahaba ang mga serbisyo sa pangangalaga sa bahay at ang Ospital patungo sa Bahay (Hospital to Home, H2H) na programa. Kabilang sa pamumuhunan ng pamahalaan ang $982 milyon upang mapalakas ang lubos na mahahalagang mga serbisyo sa pangangalaga ng bahay at mahigit sa $170 milyon upang mapabuti at mapalawak ang H2H na programa. Napapahupa ng mga pamumuhunang ito ang mga puwersang nakatuon sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan at sa mga ospital, tinutulungan nilang masiguro na ang mga tao ay nakatatanggap ng tamang pangangalaga sa tamang lugar.

- Sinusuportahan ang mga sektor na apektado ng mga taripa ng Estados Unidos sa pamamagitan ng $5 bilyong Account para Maprotektahan ang Ontario (Protecting Ontario Account). Sa Agosto, inilunsad ng pamahalaan ang paunang $1 bilyon ng Programa ng Pananalapi upang Maprotektahan ang Ontario (Protect Ontario Financing Program, POFP), na nagbibigay-suporta sa mga negosyong nakabase sa Ontario na direktang naapektuhan ng mas mataas na mga antas ng taripa sa mga sektor ng bakal, aluminum, copper at sasakyan sa pamamagitan ng pagbibigay-tulong sa kanila upang kanilang mapanatiling gumagana ang kanilang negosyo at mapanatili sa trabaho ang kanilang mga manggagawa. Binubuo na ngayon ng pamahalaan ang ikalawa at ikatlong pagdaloy ng mga pamamaraang ito, na susuportahan ng natitirang $4 na bilyon. Ang mga pagdaloy na ito ay magreresulta sa pagpapatibay ng pang-ekonomiyang katatagan ng Ontario, maglulunsad ng inobasyon, at mapabibilis ng mga negosyong agresibo ang paglaki na mapabuti ang pandaigdigang kalamangan ng Ontario.
- Pagpapatuloy na pamumuhunan sa pinaka-mapaghangad na planong kapital, na may pinaplanong pamumuhunan na nagreresulta sa kabuuang mahigit sa $201 bilyon sa kabuuan ng 10 taon, kabilang ang mahigit sa $33 bilyon sa 2025–26. Ang planong ito ay makatutulong na mapanatili ng mga manggagawa ang kanilang mga trabaho habang sumasailalim ng kawalang-katiyakan sa ekonomiya na dulot ng mga taripa.

Mga Katotohanan

- Ang tunay na GDP ng Ontario ay tinatayang tumaas ng 0.8 porsyento sa 2025 at 0.9 na porsyento sa 2026, na kaalinsunod sa pananaw ng *2025 na Budget.*
- Ang 2025–26 na kakulangan ng Ontario ay tinatayang magiging $13.5 bilyon — $1.1 bilyon na mas mabuti kung ikukumpara sa pananaw na inilathala sa *2025 na Budget*. Sa kabuuan ng kainamang haba ng panahon, tinataya ng pamahalaan na magkakaroon ng kakulangan na $7.8 bilyon sa 2026–27 at isang kalabisan na $0.2 bilyon sa 2027–28.
- Ang pamamalakad ng pamahalaan ay nananatili ng landas upang magresulta sa pagbabalanse ng budget sa pagsapit ng 2027–28 bilang bahagi ng kanyang plano ng pananalapi. Nakahandang gawin ng Ontario ang lahat na kinakailangan up makapagbigay ng lubos na mahahalagang pananalaping suporta upang maprotektahan ang mga manggagawa at trabaho sa Ontario.
- Ang proporsyon ng utang kung ikukumpara sa GDP ng probinsya sa 2025–26 ay tinataya na ngayong magiging 37.7 porsyento, 0.2 na puntos na porsyentong mas mababa kung ikukumpara sa tinataya sa *2025 na Budget*. Sa kabuuan ng kainamang pananaw, proporsyon ng utang kung ikukumpara sa GDP ng probinsya ay tinatayang mananatiling medyo mababa kung ikukumpara sa mga itinataya sa *2025 na Budget* at patuloy na nananatiling mas mababa kung ikukumpara sa mga antas na hinahangad.

- Sa kamakailang inilathalang *Mga Pampublikong Account ng Ontario (Public Accounts of Ontario) 2024–2025*, nag-ulat ang Ontario ng $1.1 bilyong kakulangan para sa 2024–25, kung ikukumpara sa tinatayang kakulangan na $9.8 bilyon sa *2024 na Budget*. Nananatiling nakatuon ang pamahalaan na mabawasan ang kalakihan ng utang at maibalik ang mga pinansya ng Ontario patungo sa pagiging balanse.
- Sa malapit na hinaharap, maglulunsad ang pamahalaan ng mga pulung-pulungan upang makatulong na maipamahagi ang susunod na yugto ng plano upang maprotektahan ang Ontario bilang bahagi ng *2026 na Budget ng Ontario* at upang marinig ang mga sinasabi ng mga mamamayan ng Ontario at ang kanilang mga ideya upang maprotektahan ang ekonomiya at mga manggagawa ng Ontario, makabuo ng higit pang mga trabaho, mapanatiling mababa ang mga buwis at gastos, at makapagbigay ng mas mabubuting mga serbisyo at makapagbuo ng mga lubos na mahahalagang mga imprastraktura.

Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon

Basahin ang *2025 na Pang-ekonomiyang Pananaw at Pagsusuri ng Pananalapi ng Ontario: Ang Plano para Protektahan ang Ontario*

Basahin ang mahahalagang bahagi ng *Ang Plano para Protektahan ang Ontario*

Basahin ang Backgrounder: Ekonomiya at Pagrerepasong Pampanuusan (Economic and Fiscal Overview)

Basahin ang *2025 na Budget: Ang Plano para Protektahan ang Ontario*

MGA MAKAKAUSAP NG MEDIA

news.ontario.ca/mof/en
Disponible en français

Colin Blachar
Opisina ng Ministro
Colin.Blachar@ontario.ca

Scott Blodgett
Ministeryo ng Pananalapi
Scott.Blodgett@ontario.ca